



NOTISYA NG BATAS SA BAKASYON NA MAY BAYAD PARA SA LAHAT NG MANGGAGAWA

Ang mga employer ay dapat magbigay sa mga empleyado ng hanggang 40 oras ng bakasyon na may bayad para sa anumang dahilan.

Bakasyon na may Bayad

- **Mga Manggagawa:** Makakuha ng hanggang 40 oras ng bakasyon na may bayad mula sa trabaho bawat taon.
- **Paggamit:** Maaaring gamitin ng mga manggagawa ang bakasyon na may bayad para sa anumang dahilan na kanilang mapili. Maaaring hindi hilingin ng mga employer sa mga manggagawa na magbigay ng dahilan para sa kanilang kahilingan ng bakasyon na may bayad o hilingin sa isang manggagawa na maghanap ng kapalit na manggagawa.
- **Paano Makuha:** Ang mga manggagawa ay magkakaroon ng 1 oras ng bakasyon na may bayad para sa bawat 40 oras na kanilang pinagtrabahuhan. Maaaring ibigay ng employer sa mga manggagawa ang lahat ng oras ng bakasyon na may bayad sa simula ng 12 buwang yugto ng panahon (frontloading).
- **Paglilipat:** Ipagpapatuloy ng mga manggagawa ang lahat ng hindi nagamit na naipon na bakasyon na may bayad sa katapusan ng taon. Ang anumang hindi nagamit na bakasyon na ibinigay sa una ay hindi kinakailangang mailipat.
- **Ang Paghihiganti ay Ipinagbabawal:** Ang mga multa ay maaaring malapat sa mga employer na nagsasagawa ng masamang aksyon laban sa mga manggagawa na gumagamit ng kanilang mga karapatan sa ilalim ng batas na ito.



Multa

Maaaring mabawi ng mga manggagawa ang halagang dapat sana ay ibinayad sa kanila para sa bakasyon, multa, at iba pang marapat na kaluwagan.

Paghahain ng Reklamo

Ang isang manggagawa ay maaaring maghain ng reklamo sa Kagawaran ng Paggawa ng Illinois na nagpapatatag ng isang paglabag sa Batas na ito sa pamamagitan ng pagsagot sa isang pormularyo ng reklamo sa labor.illinois.gov/paidleave.

Kasalukuyang Patakaran at Mga Eksklusyon

Ang ilang mga eksepsyon ay maaaring ma-aplay para sa mga employer na nagbibigay na sa kanilang mga manggagawa ng bakasyon na may bayad. Mayroon ding ilang kategorya ng mga manggagawa na hindi sakop ng batas.

Tingnan ang QR code para sa karagdagang impormasyon sa kung paano maghain ng reklamo at mga naaangkop na eksepsyon sa batas.



Para sa kumpletong teksto ng mga batas, bisitahin ang aming website sa: www.labor.illinois.gov

Para sa karagdagang impormasyon o para maghain ng Reklamo, makipag-ugnayan sa amin sa: DOL.PaidLeave@illinois.gov
312-793-2600

ANG NOTISYANG ITO AY DAPAT NA MAIPAKITA SA ISANG LUGAR NA MADALING MAPANSIN SA LUGAR NG EMPLOYER KUNG SAAN NAKAPASKIL ANG IBA PANG MGA NOTISYA.